BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 6, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE ENERO 2007"
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cams. Norte"
Website: http:/www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


nasa loob


EDITORYAL 4
OPINYON NG MAMBABASA 4
PIKTORYAL 5
PERSONAL FINANCIAL ASSISTANCE OF GOV. JESUS O. TYPOCO JR. 6


# BACNA SM 2007 nagsimula na



*Gob. Jesus O. Typoco, Jr.*

Inaasahang marami na namang mahihirap na pasyente mula sa iba't-ibang bayan ng Camarines Norte ang mabibigyan ng libreng operasyon sa Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) sa pamamagitan ng Surgical Mission 2007 ng Bay Area Camarines Norte Association (BACNA) na nagsimula noong Enero 27, 2007 at magtatapos sa Pebrero 2, 2007.

Ito ay itinataguyod ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa layuning matugunan ang pangangailangang serbisyo-medikal ng mga mahihirap na mamamayan dito, makakilos sila nang normal at magkaroon ng malusog at aktibong pangangatawan.

Katuwang ng BACNA sa naturang 1-linggong humanitarian project ang iba pang grupong nakabase sa Estados Unidos tulad ng Society of Philippine Surgeons in America (SPSA), Kaiser Permanente Medical Group, Aloha Medical Group, BNAA, at Sukob Foundation. Nagsasagawa sila ng libreng operasyon sa mga pasyenteng may katarata, cleft palate, bu-

(Sundan sa pahina 6)




*Sinalubong ng mga opisyal at miyembro ng Rotary Club of Daet North ang mga bumubuo ng BACNA Surgical Mission 2007 sa pangunguna ni Ms. Erna P. Auro (ika-anim mula sa kaliwa), ang Chief of Mission ng BACNA Surgical Mission 2007. Katuwang ng BACNA sa nasabing misyon ang Society of Philippine Surgeons in America, Kaiser Permanente Medical Group, Aloha Medical Group, Sukob Foundation, BNAA at ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr.*



*Ganito ang sitwasyon sa labas ng operating room ng CN Provincial Hospital sa unang araw pa lamang ng BACNA SM 2007, nakikipag-ugnayan ang ilang mga pasyente kay Ms. Sylvia Salvador ukol sa mga sunod-sunod na hakbang bago sila isinailalim sa libreng operasyon na isinasagawa ng grupo sa lalawigan.*

# Search for Child-Friendly Barangay 2007 bukas na

Ito na ang pagkakataon ng mga barangay sa lalawigan para lumahok sa Search for Child-Friendly Barangay (SCFB) 2006 na itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at United Nations Children's Fund (UNICEF) sa pamamagitan ng Sixth Country Programme for Children (CPC 6). Lalo na kung ang barangay ay nakapagpatupad ng mga natatanging programa para matamo ng mga kabataan ang kanilang mga karapatan at matamasa ang mga benepisyong angkop at nararapat para sa kanila tulad ng: maayos na pamilya; malusog na pangangatawan; edukasyon; proteksyon laban sa mga pang-aabuso, at iba pa.

Ang mananalo sa unang puwesto rito ay tatanggap ng P50,000.00 gantimpala; ikalawang puwesto–P30,000.00; ikatlong puwesto– P20,000.00; ika-apat na puwesto– P10,000.00, at; ikalimang puwesto – P5,000.00, at pagkakalooban din sila ng mga kaukulang plake ng pagkilala. Bibigyan naman ng plaque of recognition ang mga municipal nominees.

Maliban dito, nakatakda ring magrekomenda ng kaukulang special awards ang Technical Committee ng patimpalak ngayong taon base na rin sa resulta ng kanilang ebalwasyon.

Ang mga lalahok dito ay mamarkahan base sa ebalwasyon ng mga isinumiteng dokumento

(Sundan sa pahina 2)

# Regular Dialogue/Strengthening of Pillars of Justice

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga miyembro ng Pillars of Justice upang mapangalagaan ang mga karapatan ng mga kabataang nasasangkot sa mga kaso, sila man ay biktima, inaakusahang nagkasala o napatunayang nagkasala sa batas o saksi kaya. Dapat na magkaroon sila ng mga regular na pag-uusap at matatag na relasyon upang epektibong maipatupad ang mga sistemang legal susog sa prinsipyo ng Convention on the Rights of the Child (CRC) at iba pang batas para sa mga kabataan partikular na sa pagpapatupad ng Republic Act 9344 o mas lalong kilala bilang Comprehensive Juvenile Justice and Welfare Act of 2006.

Dahil dito, ang Regular Dialogue/Strengthening of the Pillars of Justice ay isinagawa kamakailan sa Central Plaza Restaurant, Daet sa pagtataguyod ng United Nations Children's Fund (UNICEF). Pinangasiwaan ito ng Children in Need of Special Protection (CNSP) Sector ng Sixth Country Programme for Children (CPC 6) at Provincial Prosecutor's Office-Department of Justice (PPO-DOJ).

Tinalakay sa naturang diyalogo ang mga usapin at isyung napagkasunduan ng grupo sa nakaraang pulong nila gayundin ang mga bagong batas at kautusan na sumasaklaw sa mga usapin ng mga kabataan. Tinukoy rin dito ang mga gaps, difficulties at problema na patuloy na nakaaabala sa pagpapatupad ng mga programa na nagbibigay-proteksyon sa mga kabataan partikular na sa mga kasong nasasangkot ang mga CICL.

Pinangasiwaan ni PSWD Officer Lorna C. de Claro ang paglalahad ng mga una nang napagkasunduan at mga nagawa ng grupo gayundin ang Orientation on Republic Act 9208 (Anti-Trafficking in Persons Act of 2003) at Updates on its Implementation, at; ang guidelines sa pagbuo ng Regional and Local Inter-Agency Committee Against Trafficking in Persons and Violence Against Women and their Children.

Nagkaroon din ng open forum kung saan tinugon ang mga katanungan ng mga dumalo at binigyang-linaw ang mga isyu at problemang nakaharap ng bawat haligi ng hustisya sa paghawak sa mga kasong sangkot ang mga kabataan.

Dumalo rito ang mga Mun. Social Welfare and Devt, Officers (MSWDOs), Mun. Trial Court Judges at/o kaukulang Clerks of Court, RTC Judges, Rural Health Unit's Medico Legal Officers, Public Attorneys at Prosecutors na nakatalaga sa mga Family Courts, opisyal ng Bureau of Jail Mgt. and Penology (BJMP) na responsable sa mga CICLs, ilang miyembro ng Provl. Technical Working Group (PTWG)-CNSP at

(Sundan sa pahina 9)

## Search for Child ...


(Mula sa pahina 1)


na may katumbas na 30%, at 70% para sa *field validation* o may kabuuang 100%.

Bukas ang naturang patimpalak sa lahat ng barangay maliban sa mga barangay na nanalo na ng mga major awards sa loob ng 3 sunud-sunod na taon. Kwalipikado na sila sa kategoryang *Hall of Fame* ngunit magsasagawa pa rin ng pagtataya sa kanilang mga nagawa kung saan kinakailangan nilang makakuha ng hindi bababa sa 2-star rating. Ang mga mailuluklok sa Hall of Fame ay pagkakalooban ng kaukulang plaque of commendation kung saan ang makatatanggap ng 3-star rating ay may katumbas na score points na 80 at pataas, at ang mabibigyan ng 2-star rating ay may katumbas na score points na 70-79%.

Samantala, maaaring kumuha ng entry forms mula sa mga kinauukulang tanggapan ng Mu-

(Sundan sa pahina 5)








***Si P/Insp Eugene Extremadura, hepe ng Governor's Task Force on Peace & Order and Anti-Illegal Drugs at COP Wilmor G. Halamani ng Jose Panganiban nang sila ay magsagawa ng isang Bomb Threat Awareness Seminar para sa mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na isinagawa sa Little Theater ng Camarines Norte Agro-Sports Center; Ipinikikita ni COP Wilmor G. Halamani ang ilang uri ng bomba na maaaring gamitin ng mga terorista upang makapaghasik ng karahasan.***

# Bomb Threat Awareness Seminar isinagawa rito

Itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ang Bomb Threat Awareness Seminar noong Enero 15, 2007, ganap na ika-10 n.u. sa Little Theater ng Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center ng Kapitolyo Probinsyal.

Pinangasiwaan ito ng Governor's Task Force on Peace and Order and Anti-Illegal Drugs sa pamumuno ng hepe nito na si P/Inspector Eugenio Extremadura.

Kaugnay nito, ipinalabas ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang Memorandum No. 060905-03 na nag-aatas sa lahat ng pinuno ng mga departamento, at hepe ng mga sangay na nasa ilalim ng Tanggapan ng Gobernador na dumalo sa naturang pagsasanay.

Ang ilan sa mga kinauukulang opisyal na hindi naman nakadalo ay nagpadala na lamang ng 2 kinatawan mula sa kani-kanilang tanggapan at dibisyon.

Nagkaroon dito ng positibong pagtugon ang mga kinauukulan lalo na nga at ito rin ay paghahandang panseguridad na rin ng lalawigan bunsod ng ilang pag-atake ng mga terorista sa iba't-ibang panig ng bansa. ***LT IBASCO***

# KBP tiniyak ang suporta sa bisyon ni PGMA

Tiniyak ng mga matataas na opisyal ng Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas (KBP) kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang kanilang buong suporta para makatulong na maging mas progresibong bansa ang Pilipinas sa dalawang (2) susunod na dekada sa pamamagitan ng pagpapatupad sa mga pangunahing reporma sa broadcast media industry.

Ipinahayag ni KBP Chairman Ruperto Nicdao, Jr. ang katiyakang ito sa bahagi ng kanyang pagtanggap na pananalita sa okasyon ng 32nd Top Level Management Conference ng KBP kamakailan sa Taal Vista Hotel sa Tagaytay City.

Sinabi nito na ang tema ng kumperensya ngayong taon na: ***"The KBP, Moving Forward, Staying Tune with the Vision"*** ay nangangailangan ng organizational commitment para mapaunlad ang media business at gawin itong instrumento para angkop na matuto ang mga tao.

Sa talumpati ni Pangulong Arroyo, muli nitong ipinahayag ang paninindigan ng kanyang administrasyon sa malayang pamamahayag at matiim na kinundena ang mga serye ng pagpatay sa mga miyembro ng media sa bansa.

Binigyang-diin ng pangulo na ang kanyang administrasyon ay mananatiling maingat at mapagmatyag upang maprotektahan ang *'bailiwick of democracy'*. Ayon pa sa pangulo *"We've said it before and we will say it again: We are committed to the freedom of the media as bailiwick of Philippine democracy. I am respecting the central role of the responsible media to help improve our politics, economy and society."* (Nasabi na natin ito noon at muli natin itong sasabihin: Tayo ay naninindigan para sa kalayaan ng media bilang *'bailiwick of Philippine democracy'*. Iginagalang ko ang mahalagang papel ng mga responsableng mamamahayag para makatulong sa pagpapaunlad ng ating pulitika, ekonomiya at pamayanan".)

Sa pagkondena sa antas ng *'political killings'* sa bansa na inilarawan niya bilang basehan ng demokrasya, isiniwalat ni Pangulong Arroyo na sa kabila ng mga pagsisikap ng pamahalaan na maiwasan at matigil ang *extra-judicial killings* sa bansa, may ilang grupong radikal na hindi iginagalang ang demokrasya.

(Sundan sa pahina 5)

# 2005 UNSCFCSPG ng FNRI/SG-DOST tinalakay, e-Nutrition iprenesenta

## EDITORYAL

### ASAL, PAGPAPAHALAGA AT TULONG

Ngayon ay 2007 na.  Isang taon na namang nadagdag sa ating panahon.  Karagdagang taon ng pagbibigay-pansin at tulong sa ating mga kababayang nasasadlak sa kasalatan, karalitaan, at parang walang katapusang pagkakalublob sa kumunoy ng kahirapan.

Sa kabila ng pagsusumikap ng pamahalaan na maiangat ang katayuan ng ating mga maralitang kababayan sa pamamagitan ng samu't saring mga programa bilang tulong sa mga naghihikahos nating mga kababayan simula pa noong 1970s tulad ng mga pautang ng KKK; Masagana 99; Masaganang Maisan, atbp.; pakapital ng samu't saring mga kooperatiba at mga bangko, kung saan, hindi na binayaran ang mga ito ng karamihang nakinabang dito; sa kabila ng mga personal na tulong ng ating mga pinunong halal ng bayan; at nitong huling mga taon ay tulong na ibinibigay ng mga samahang pandaigdigan tulad ng UNICEF, ILO-IPEC, atbp.; mga NGOs tulad ng World Vision, ERDA, Visayan Forum, at ang pinakahuli ngayon ay ang "Hunger Alleviation Program", para bagang wala pa ring pagbabago sa katayuan ng ating mga mamamayan.

Kung masusing pagmamasdan, tila ang mga ginagawang tulong ay nagbubunga lamang ng pagkakaroon ng isang KULTURANG PALAASA sa kapwa at sa pamahalaan.  Nawawala na yaong huwarang salamin ng pagiging isang kapakipakinabang na mamamayan na may tungkuling maglingkod sa bayan.  Sa halip, sila ay nagiging pasanin at pabigat sa lipunan at pamahalaan.  Kung ganito nang ganito, nangangahulugang kinalimutan na ang sawikain ng yumaong Pangulong Manuel L. Quezon nang sabihin niyang: "*Huwag kang magtanong sa iyong pamahalaan kung ano ang maitutulong nito sa iyo, kundi kung ano ang maitutulong mo sa kanya.*"(*"Ask not the government what it can do for you, but what you can do for the government.")*

Sana naman ay hindi, subali't kung *kulturang palaasa* na ang nakatiim sa isipan at asal ng bawa't mamamayan, anumang tulong ng pamahalaan o' ninuman, ay magsisilbing "dole out" lamang na hindi makapagpapabago sa kanilang kalagayan, at magpapanatili lamang ng kawalan ng responsabilidad sa pagbabayad ng anumang inutang o' itinulong ng pamahalaan o' kahit sa kaninupaman, at kahit kaylanman, walang magandang pagbabagong mangyayari sa buhay.

Sa ganitong sitwasyon, ang dapat sigurong tutukan ng lahat ng may programang nagbibigay-tulong upang iangat ang ating mga "sawingpalad" na mamamayan sa kahirapan, ay ang "moral regeneration" o "values reformation" ganun din, ang pagpapaigting ng mga programang pang-edukasyon.

Ang feedback conference ukol sa *"2005 Updating of Nutritional Status of Filipino Children and Selected Population Groups (UNSFCSPG)"* at presentasyon ng *e*-Nutrition Information System (*e*-Nutrition) ay isinagawa noong Enero 22, 2007 sa Golden Palace Restaurant sa bayan ng Daet

Sa unang bahagi ng programa, nagbigay ng pagtanggap at pambungad na mensahe si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ni Dr. Anita Jalgalado at sinundan ng presentasyon at pagtalakay sa mga sumusunod: Objectives of the Forum- Ms. Ma. Ederlinda R. Tarrayo, Science Research Specialist II-FNRI-DOST; Presentation of the 2005 UNSFCSPG at CPC 6 Survey Results- Ms. Ma. Lilibeth P. Patalen-Dasco, Senior Science Research Specialist, Food Consumption & Anthropometry Section, FNRI-DOST, at; Presentation of the *e*-Nutrition–Ms. Elenita V. Castillo, Senior Science Research Specialist, Nutrition Economics and Statistics Section, FNRI-DOST.

Nagkaroon din nang malayang talakayan kung saan nakapagtanong ang mga dumalo at nabigyang-linaw ang mga isyu at usapin patungkol sa mga naturang paksa na tinalakay.  Isinagawa rin dito ang paghahanda sa panlalawigang rekomendasyon susog sa survey results.  Ito ay pinangasiwaan ni Mr. Jorge Villania, Provl. Science and Technology Officer, DOST-Cams. Norte.  Ito ay magkatuwang na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at DOST.

Samantala, ang 2005 UNSFCSPG ay isang *research project* na isinagawa ng *Survey Group* ng *Food and Nutrition Research Institute (FNRI)* ng *Department of Science and Technology (DOST)* na naglalayong mataya at mai-*update* ang mga impor-

(Sundan sa pahina 9)






*Si SP Board Member Arthur Michael G. Canlas bilang Chairman ng SP Committee on Women & Family, habang nagbibigay ng kanyang mensahe sa Feedback Conference ukol sa "2005 Updating of Nutrition Status of Filipino Children & Selected Population Groups in CPC 6 Areas".*

# Fisheries Scholarship para sa mga nagtapos/magtatapos ng hayskul

PILI, CAMARINES SUR–Limang masuswerteng mag-aaral mula sa Rehyong Bikol na makapapasa sa National Competitive Examination para sa Fisheries Scholarship Program (FSP) na ibinibigay ng Department of Agriculture (DA) sa pamamagitan ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) sa pakikipagtulungan sa Department of Education (DepEd), ang mabibigyan ng libreng pag-aaral sa kolehiyo sa kursong B.S. Fisheries ngayong SY 2007-2008

Sinabi ni BFAR Regional Director Jaime de la Vega na ang pagsusulit para sa Rehyon 5 ay isasagawa sa Albay Central School sa Legazpi City sa Pebrero 17, 2007.

Ang mga kwalipikadong kumuha ng naturang pagsusulit ay ang mga nagtapos/magtatapos ng hayskul at kabilang sa sampung nangunguna sa grupo ng mga nagtapos, may edad na hindi lalagpas sa 20 taon, hindi pa nakakukuha ng anumang yunit sa kolehiyo, may *good moral character* na sertipikado ng pinuno ng paaralan at walang anumang pananagutang sibil, kriminal at administratibo.

Ang pagsusulit ay para sa mga mag-aaral sa hayskul na nasa mga pampubliko o pribadong paaralan man.  Lahat na interesadong kumuha ng pagsusulit ay maaaring kumuha ng porma ng aplikasyon mula sa Tanggapan ng Schools Division/City Superintendents sa 6 na lalawigan ng rehyon at sa BFAR Regional Office, San Agustin, Pili, Camarines Sur.  Maaari rin itong makuha mula sa http://bfar.da.gov.ph/services/training/reg_applicatin%20form2_FSP.doc.

Dapat isumite ng mga aplikante ang mga napunang porma ng aplikasyon kasama ang kanilang *ID picture* na kalakip ang sertipikasyon ng *Good Moral Character* mula sa Punong Guro o Pinuno ng Paaralan at ang patunay na ang aplikante

(Sundan sa pahina 9)

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; Congressman Renato J. Unico, Jr., co-chairman; Vice Governor Edgar Tallado, vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Elena B. Austria, managing; Lorena T. Ibasco, acting news/feature editor; Marilyn P. Asis, news; Fidel Y. Panotes, art and design; Nimfa E. Camara, opinion; Luigi Martin P. Querubin, circulation.

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Marivic Estacion, Rosita Iligan; Library Services – Fe Necio; Sports - Dante Manlapaz; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture – Helen B. Abordo, head, Jessie M. Lacerna.

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez, OPAg; Franklin de Jesus, ProVet; Nancy U. Hernandez, HRMD; Gonzalo C. Binay, EERMD; Elvira B. Gomez, PSWDO; Geremias G. Ibana, PEO; Thelma Q. Bardon, Amelia Lopez, Dina G. Baleza, PPDO, Aida B. Pandeagua, Darius Mirasol, GSO; Estela P. Adorna, PBO; Encarnita A. Idioma, PCSSD; Gina B. Racelis, MASCD.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan bawat buwan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitolyo Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito'y opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga nagawa, tulong ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.



1


4



2


5



3

## MGA PILING LARAWAN

*Sa kaliwa, pababa:1) Nagbibigay ng mensahe si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa Governor's Night para sa mga volunteers ng BACNA at iba pang organisasyong kalahok sa isinasagawang Surgical Mission 2007 sa CN Provincial Hospital; 2) Ang programa sa pagbubukas ng UniTy (Unico-Typoco) Cup Basketball Tournament kung saan nagbigay ng mensahe si Gob. Typoco, Jr.; 3) Nagbibigay ng mensahe si Ms. Erna P. Auro ang Chief of Mission ng BACNA SM 2007 at ang pagbibigay ng mga token at awards ni Gob. Typoco, Jr. sa mga volunteers sa isinagawang Governor's Night sa Bel-Air Resort; 4) Ang motorcade na isinagawa kaugnay sa pagbubukas ng UniTy Cup basketball Tournament na pinangunahan nina Cong. Unico, Jr. at Gob. Typoco, Jr. kasama ang panauhing pandangal sa naturang programa na si dating PBA player at ngayon ay Municipal Councilor ng Pasig City na si Fortunato "Atoy" Co na nagmula rin dito sa bayan ng Daet; 5) Ang bagong talagang PNP Provincial Director dito sa lalawigan na si P/Supt Henry Rañola nang ito ay mag-courtesy call sa tanggapan ni Gob. Typoco, Jr.*

# Cancer Prevention Activity at PCPC Induction ginanap

Nagkaroon ng 1-araw na Planning Workshop on Cancer Prevention at Induction ng mga naitalagang opisyal ng Provincial Cancer Prevention Council (PCPC) noong Enero 23, 2007 sa Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd Floor Annex.

Dinaluhan ito ng mga doktor mula sa PHO at district hospitals, mga municipal health officers, rural health officers, narses at kumadrona.

Ito ay bahagi ng Cancer Control Program na isinusulong ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng Provincial Health Office (PHO). Bilang suporta ito ng pamahalaang palalawigan sa kampanya ng pamahalaang nasyonal tungo sa pagsugpo sa patuloy na pagtaas ng insidente ng kanser sa bansa na na-kaaalarma na.

Heto ang mga paksang tinalakay at ang mga kinauukulang tagapagsalita: Cancer in General- Agnes B. Bausa, MD, Philippine General Hospital (PGH) under Supportive, Palliative and Hospice Care; Cancer in Women at Visual Inspection with Acetic Acid – Dr. Glenn B. Benitez, Aesthetic and Gynecology at affiliated sa Makati Medical Center, Asian Hospital at University of the Philippines-PGH (UP-PGH).

Inilahad ni Dr. Benitez na umabot sa 72,846 katao ang namatay noong 2005 dahil sa kanser at ang malaking bilang nito ay mga kalalakihan na ang pangunahing sanhi ng pagkamatay ay kanser sa baga (lung cancer), liver cancer, colon cancer at prostate cancer; at ang pangunahing sanhi naman ng pagkamatay ng mga kababaihan ay kanser sa suso, matris, baga, colon at cervix.

Tinalakay rito ang mga pangkaraniwang uri ng kanser tulad ng cervical, prostate, breast at lung cancer gayundin ang mga sanhi at panganib na hatid nito, mga sintomas, maagap na deteksyon at prebensyon.

Samantala, ang mga opisyal ng PCPC ay ang mga sumusunod: Honorary Chairman - Gob. Jesus O. Typoco, Jr.; Honorary Vice Chairman - Bise Gob. Edgardo Tallado; Chairman - Dr. Myrna Macalincag; Co-Chairman at Action Officer - Ms. Marilou E. dela Cruz; Secretaries – Mrs. Mercy Candido, Ms. Luzviminda G. Ramos at Ms. Nancy Ibis; Treasurer – Dr. Virginia B. Mazo, MHO Paracale ; Auditor – Dr. Nelson P. delos Santos; Business Managers – Dr. Josefina Fe Padillo, MHO Talisay, at Dr. Virginia Francisco, MHO Vinzons, at; ang board of directors nito ay pinangungunahan ni Daet Ex-Mayor Tito S. Sarion at kabilang sa mga miyembro nito ay sina Bokal Edgar B. Dasco, Bokal Arthur Michael G. Canlas, SP Kgd. Ruth F. Herrera, Dr. Virginia Barasona, Dr. Flordeliz D. Lasam at Dr. Ruth H. Porto. ***LT IBASCO***





***Ang planning workshop ukol sa Cancer Prevention na isinagawa noong Enero 23, 2007 sa Audio-Visual Production Center, Provincial Capitol Annex kung saan dumalo ang mga kinauukulang Municipal Health Officers, Rural Health Officers, nurses at midwives mula sa labindalawang (12) bayan ng Camarines Norte.***

## *Search for Child ...*

*(Mula sa pahina **2**)*

nicipal Councils for the Protection of Children (MCPCs) at mga tanggapang kabilang sa Provincial Selection Committee (PSC) tulad ng Dept. of Education (DepEd), Provl. Health Office (PHO), Provl. Planning and Devt. Office (PPDO) at Provincial Social Welfare and Devt. Office (PSWDO).

Lahat na barangay na interesadong sumali ay dapat punan at isumite ang mga dokumentong nakalista sa entry form ng SCFB sa MCPC sa pamamagitan ng tanggapan ng mga punong bayan.

Ang SCFB ay kapapalooban ng mga programang makabata na nagawa ng barangay simula Enero 2006 hanggang Disyembre 2006 maliban sa sektor ng Edukasyon na sasakop sa school year 2005-2006. Ang huling araw sa pagsusumite ng entry forms ng mga barangay sa MCPC ay itinakda sa Marso 15, 2007 o anumang araw na itatakda ng mga kinauukulang MCPCs.

Rerepasuhin ng MCPC ang lahat ng entry forms at mga dokumentong isinumite gamit ang evaluation tool; magsasagawa ng pagbisita sa mga kalahok upang kumpirmahin ang mga datos at mangangalap ng mga impormasyon na karaniwang hindi nailalagay sa mga ulat. Matapos ito, pag-uusapan ang mga resulta at saka pipili ng isang barangay na magiging opisyal na municipal nominee.

Ang resulta ng isinagawang ebalwasyon ng mga kinauukulang

*(sundan sa pahina **7**)*

## *KBP tiniyak ...*

*(Mula sa pahina **2**)*

Kaugnay nito, pinaalalahanan niya ang mga opisyal at miyembro ng KBP na ang *Melo Commission* ay binuo ng kanyang administrayon para magsagawa ng kumprehensibong imbestigasyon sa mga serye ng brutal na pagpatay sa hanay ng mga miyembro ng mga militanteng grupo at miyembro ng *fourth estate*.

Sinabi niya na sa kanyang pagbisita sa Europa noong Setyembre, nakipagkita siya sa mga matataas na opisyal ng *Amnesty International* na isang *international human rights group,* kung saan ipinaalam niya na ang Pamahalaan ng Pilipinas ay hindi kailanman papayagan at tatanggapin ang *extra-judicial killings.*

Upang matiyak ang panalo sa seryosong kampanya para wakasan ang *extremism*, nanawagan si Pangulong Arroyo sa KBP na maging instrumento ito ng responsableng paggamit ng kalayaan ng media, at tulungan siya na ipaalam sa mga tao ang mga reporma na isinusulong ng kanyang administrasyon. ***(PIA 5 Release – Isinalin sa Filipino ni LTI)***

# Career Service Exams sa bansa itinakda sa Marso 11

LEGAZPI CITY – Inianunsyo ng Civil Service Commission (CSC) na ang unang eksaminasyon para sa Career Service Professional at Sub-Professional ngayong 2007 ay magkakaalinsabay na isasagawa sa Marso 11, 2007 sa mga itinalagang *testing centers* sa bansa.

Sinabi ni CSC Bicol Regional Director Cecilia R. Nieto na ang mga siyudad ng Legazpi at Naga ang itinalagang *testing centers* para sa Rehiyong Bikol.

Ipinahayag ni Nieto na ang pagkapasa sa Career Service examination ay magbubunga sa paggawad ng *sub-professional* o *professional eligibility* na magiging angkop para sa *appointment* sa *first* at *second level positions* sa mga tanggapan ng pamahalaan.

Ang *career service professional* at *sub-professional examinations* ay bukas sa lahat ng aplikante na dapat ay 18 taong gulang, anuman ang antas ng edukasyon na kanyang naabot.

Sinumang aplikante na interesadong kumuha ng mga nabanggit na pagsusulit ay maaaring kumuha ng porma ng aplikasyon sa alinmang *Civil Service Commission Field Offices* sa mga lalawigan ng Albay, Camarines Sur, Camarines Norte, Sorsogon, Masbate at Catanduanes.

Kasama ang napunang porma ng aplikasyon, kailangang isumite ng aplikante ang kaniyang 4 na pirasong 1 ½ " x 2" larawan na may *name tag* at nakikita ang kanyang kumpletong pangalan at *middle initial* at dapat din na ang larawan ay kinunan nang hindi bababa sa 3 buwan mula sa pagsumite ng aplikasyon; isang *identification (ID) card* (orihinal at *photocopy*), at pagbayad ng P350.00 *filing fee*.

Ang huling petsa ng pagtanggap sa mga aplikasyon ay itinakda sa Pebrero 9, 2007. ***(MLBaduria, CSC/PIA at Isinalin sa Filipino ni LT IBASCO)***

# *e*-Nutrition Program isinusulong ng DOST

Ang *Establishment of the Philippines' Knowledge Center on Food and Nutrition* o ang tinatawag na *e*-Nutrition ay proyektong magkasamang itinataguyod ng *Food and Nutrition Research Institute (FNRI)* at *Advanced Science and Technology Institute*, dalawang ahensyang nasasakupan ng *Department of Science and Technology (DOST)*. Ang proyekto ay pinunduhan ng *Commission on Information and Communications Technology (CICT)* bilang suporta sa *e*-Government program ng bansa.

Layunin nito na mapaunlad ang kalagayang pang-nutrisyon ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bukas na impormasyong panteknolohiya (*technologically available information*) tulad ng wastong pagkunsumo ng pagkain, kalagayang pang-nutrisyon at pangkalusugan, at iba pang mahahalagang *indicators* na mapapakinabangan sa paggawa ng mga polisiya, at pagsubaybay (*monitoring*).

Kasama rin sa proyekto ang pagtataya (*assessment*) sa kalagayang pang-nutrisyon na makatutulong sa mga pamahalaang lokal, *non-government organizations (NGOs)*, paaralan, at komunidad sa pagtukoy sa insidente ng kakulangan sa nutrisyon (*under-nutrition*) at sobrang nutrisyon (*over-nutrition*). Kabilang dito ang pagbuo ng *dietary management tools* para ang mga indibdwal ay magkaroon ng plano para sa malusog na pamamahala at pagsubaybay sa kanilang timbang (*healthy weight management plan*).

Heto ang iba pang benepisyo ng naturang proyekto: 1) *Promotes transparency and accountability in government operations* – pinahihintulutan nito ang *electronic dissemination* at paggamit ng mga *nutrition survey data and results* na napakahalaga sa implementasyon ng *national poverty alleviation planning and program*; 2) *Contribute to the attainment of the Millennium Development Goals of the Millennium Declaration 2000, which simply states the "eradication of poverty and hunger in the new millennium"*. – Nagbibigay ito nang wasto at nakahandang datos na pang-nutrisyon at mga pag-aaral para sa pagpaplano ng programang makapag-aahon sa kahirapan (*poverty alleviation programs*), pagpaplano sa aspetong pang-nutrisyonal-agrikultural (*nutritional-agricultural*) at

(Sundan sa pahina 7)

## BACNA ...

(Mula sa pahina 1)

kol, atbp.

Ang mga doktor na nagbigay ng boluntaryo at libreng serbisyo sa mga taga-Camarines Norte ay sina David Poor, John Baldwin Tan, Joshua Gottschall, Leonardo Patron, Linda Chiu, Lisa Grininger, Manuel Roco, Melanie Stone, Nelia Ritual, Pat Sied, Raul Achacoso, Margaret Lee, Serisunderi Cheung, Romeo Quini, Josie Garcia at Carlo Kuizon. Nakasama nila rito sina Dr. Roberto Quiambao at Dr. Gary Brillo ng Philippine College of Oral Maxillo Facial Surgeries.

Nakatuwang rin nila ang mga kinauukulang doktor, narses at iba pang kawani ng Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) sa pangunguna ni Dr. Arnulfo G. Salagoste, Provincial

(Sundan sa pahina 9)





*Ang ilang mga pasyenteng dumagsa sa Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) habang naghihntay na tawagin upang maisailalim sa libreng operasyon sa ilalim ng BACNA SM 2007; Ang eksena sa loob ng operating room ng PHO kung saan isinasagawa ang Surgical Mission 2007 at makikitang abalang-abala ang mga doktor at narses sa pag-oopera sa isang pasyente.*

## P10-B gugugulin para sa dagdag-sahod ng 1.3-M manggagawa ng pamahalaan

Muling umapela ang Malacañang sa Kongreso na pabilisin ang pagpasa sa P10.3-B pondo na gugugulin para sa karagdagang benepisyo ng tinatayang 1.3 milyong mga manggagawa sa pamahalaan.

Sinabi ni Budget Secretary Rolando Andaya, Jr. na nakapagpadala na siya sa Kongreso ng panukala (*bill*) para sa pagkakaloob ng 10% pagtaas sa sweldo ng mga sibilyang empleyado ng pamahalaang nasyonal na ipinangako ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, at ang P1,200.00 buwanang pagtaas sa *allowances* ng mga sundalo at pulis.

Magiging epektibo ito sa darating na Hulyo, pagkatapos ng halalan sa Mayo, kung saan gugugol ang pamahalaan ng halagang aabot sa P10.3-B.

Sinabi ni Andaya na kabilang sa panukala na sinusuportahan ng Malacanang ang P8.2-B para sa *"across the board 10% adjustment"* sa *base pay* ng tinatayang 839,757 sibilyang empleyado.

Sa naturang halaga rin kukunin ang ibabayad para sa *government's share* sa pagbabago (*adjustment*) sa *year-end benefits* ng mga empleyado at ang kanilang *health insurance* at *pension contributions* na nakatakdang tumaas susog sa kanilang *basic salary*.

Kakailanganin din ang may P2.1-B na pondo para sa pagtataas ng *subsistence allowance* ng mga unipormadong kawani na P90.00 mula sa dating P60.00 bawat araw, at ang pagdoble sa kanilang *hazard pay* na P240.00 bawat buwan mula sa dating P120.00.

(Sundan sa pahina 9)

# Personal Financial Assistance of Gov. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| Jan. 8 2007 | Teresa Ibañez of Brgy. Sula, Vinzons for medical assistance | P500.00 |
| | Raymond S. Asis of Kingdom of Balaghari, Vinzons, CN for the Three Kings Celebration | 1,000.00 |
| | Mile B. Torreña of La Consolacion College for her tuition fees | 2,000.00 |
| 10 | PB Joselito Montemayor-Brgy. Binatagan, Basud fare to Mla. | 500.00 |
| | Arlene Baldesoto of Tabas National HS, Tabas, Paracale for the conduct of seminar on journalism | 500.00 |
| | Jay Carranceja of Matnog, Basud for Sto. Niño Festival | 500.00 |
| 15 | Vicente de Jesus-Buklod Kabataan Assn.—get together party | 1,000.00 |
| | Sonia Ojo—Brgy. Gumamela, Labo, medical assistance | 1,000.00 |
| | Henedina C. Era-Chairman of Schools for Pabirik Festival Dancers for their costumes and props | 1,000.00 |
| | Janice Abarca-Brgy. 6, Daet for their Mabini College NSTP-CWTS Team leader for their immersion | 500.00 |
| | Benjie Camino for 2nd Daet Inter-Brgy Basketball of Mayor Elmer E. Panotes | 20,000.00 |
| | Francisco Pandeagua-Brgy. Sto Niño, Talisay for Brgy. Fiesta c/o Kgd. Goyena Rojo | 5,000.00 |
| | Joebert Plazo-Brgy. 7,. Mercedes for burial assistance of Victoria Angeles S. Espinosa | 500.00 |
| 18 | Nydia Fajardo—Sta. Elena, CN for burial assistance to Baby Dimatera | 3,000.00 |
| | Nilda Berzuela—Brgy. 7, Daet for the Vendors Federation, Daet, Municipal Market Organization | 5,000.00 |
| 19 | Merly Jerez of Databyte Computer Center for tuition fees | 500.00 |
| 22 | Nelson Zabala of Brgy. Alawihao, Daet for burial assistance | 500.00 |
| | Lolita M. Franco, President, Legion of Mary for the purchase of one (1) Karaoke | 1,000.00 |
| | RDO Fr. Melvin B. Gamelo, Administrator of Parokya for the construction materials of their church | 1,000.00 |
| 23 | Sheryl L. Salinas, President-Parents Assn. of Rainbow Day Care Ctr. P-5, Brgy. Camabugan, Daet for the purchase of wooden jalousy | 1,200.00 |
| | Zarina de Roma of Databyte for her tuition fees | 400.00 |
| | Cyrell E. Velasco, Team Leader of Mabini College for the conduct of 1-day First Aid Lecture Demo | 500.00 |
| 26 | Lorenza Payong of Bicol Student Congress of the Pent Inc. Saru-Bicol for their 2nd Oathtaking Ceremony | 1,000.00 |
| 29 | Violeta Aberia– President CN Pre-School Assn. for the 1st Pre-school Festival at Legazpi City | 1,000.00 |
| | Raymund M. Alcala of Mabini College– College of Commerce & Accountancy for their 4th business day | 500.00 |
| | Anthony de Luna, PYAP President for their Civil Welfare Training Service | 500.00 |
| | Ariel Defeo, SK Chairman of Brgy Motherlode, Jose Panganiban for a Baseball Championship tournament | 500.00 |
| | Nerissa A. Augusto of PAssO for her bar review | 5,000.00 |
| 30 | Edwin Españas, adviser, Jose Panganiban National High School for Grade IV Lily classroom repair | 1,000.00 |
| | Eddie Abais of Brgy. Poblacion I, Basud for Boxers Association of Basud | 1,000.00 |
| | Moises Regalado of Brgy. San Jose, San Vicente (Purok 5) for a basketball tournament | 500.00 |
| | Angel Dando of Purok 5, Brgy. Magang, Daet for fare to Manila | 500.00 |
| 31 | Mercy Magana of Brgy. San Jose, San Vicente for a basketball tournament | 500.00 |
